# Gramm-Leach-Bliley na Abiso sa Pagkapribado

## Blue Shield of California Life & Health Insurance Company

Pinahahalagahan kayo ng Blue Shield of California Life & Health Insurance Company (Blue Shield Life) bilang aming policyholder. Sineseryoso namin ang inyong pagkapribado. Kailangan namin ng inyong personal na impormasyon upang makapaglaan kami sa inyo ng aming mga produkto at pinakamahusay na serbisyo hangga't maaari. Ipinapaliwanag ng abisong ito kung paano namin kinokolekta, ginagamit, ibinabahagi, at pinoprotektahan ang pagkapribado ng inyong impormasyong hindi pampubliko, personal, at pinansyal (non-public personal and financial information, NPI).

- Hindi namin ibinebenta ang inyong NPI.
- Hindi namin ibinabahagi ang inyong NPI sa mga third party upang gamitin para sa kanilang mga layuning pang-marketing.
- Binibigyan lang namin ng access sa inyong NPI ang mga nangangailangan nito upang matulungan kaming makapaglaan sa inyo ng aming mga produkto at serbisyo at upang mapanatili ang ating ugnayan sa negosyo.
- Hindi namin inihahayag ang inyong NPI sa kahit sinuman, maliban na lang kung pinahihintulutan o hinihiling ng batas.

**Bakit at paano namin kinokolekta ang inyong NPI**

- Kinokolekta namin ang impormasyong kailangan namin upang:
- Makapaglalaan sa inyo ng aming mga produkto at sebisyo
- Maipapaalam sa inyo ang iba pa naming available na produkto at serbisyo
- Mabigyan kayo ng serbisyo sa customer

Kinokolekta namin ang inyong NPI sa iba't ibang paraan at mula sa iba't ibang mapagkukunan. Halimbawa, maaari kaming kumolekta ng:

- Inyong pangalan, address, petsa, at lugar ng kapanganakan, ibang demographic data, at kasaysayang medikal sa form ng aplikasyon, enrollment, at iba pang form
- Impormasyon tungkol sa inyong mga kondisyong medikal sa mga form ng claim o proof-of-loss at mula sa inyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan
- Impormasyong pinansyal tungkol sa inyo, tulad ng kasaysayan ng pagbabayad ng premium, mula sa inyong mga transaksyon sa amin
- Impormasyon tungkol sa inyong kasaysayang pinansyal, medikal, at kredito mula sa mga ahensya ng pag-uulat ng consumer at mga organisasyon ng serbisyo ng insurance

**Paano namin ginagamit at inihahayag ang inyong NPI**

Ginagamit at inihahayag namin ang inyong NPI para sa mga layuning may kaugnayan sa aming mga produkto at serbisyo, ngunit kung hinihiling o pinapayagan lamang ng batas. Ginagamit namin ang inyong NPI at inihahayag ito sa iba pang institusyon ng insurance, mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, at iba pang third party kung kinakailangan upang mapatunayan ang inyong pagkakakilanlan, ma-underwrite at ma-rate ang inyong policy, maproseso ang mga claim, matiyak ang wastong billing, mapangasiwaan ang mga benepisyo, at maisagawa ang ipa pang mga tungkulin ng insurance.

Maaari kaming magbahagi ng limitado at may kaugnayan sa policy na NPI sa iba na kinikilala ninyo (inyong designee) at/o kung kanino ninyo itinatalaga ang mga benepisyo ng inyong policy.

Maaari naming ihayag ang inyong NPI sa ibang mga entity, kalakip sa aming mga affiliate, upang suportahan kami sa paglalaan at pag-aalok sa inyo ng aming mga produkto at serbisyo.

Halimbawa, maaari naming ibahagi ang inyong NPI sa:

- Isang vendor na nagbibigay sa amin ng mga serbisyo sa pagpoproseso ng mga claim, administratibo, paghahanda ng dokumento, at paghahatid
- Inyong insurance broker, producer, nakarehistrong representative, o reinsurance company
- Mga auditor na sumusuri sa trabaho ng aming mga vendor at iba pang nagbibigay ng mga serbisyong may kaugnayan sa inyong policy

Bago namin ihayag ang inyong NPI, kailangang sumasang-ayon ang mga entity na ito sa pamamagitan ng sulat upang pangalagaan at panatilihing pribado ang inyong NPI.

Maaari rin naming ihayag ang inyong NPI sa:

- Mga employer o iba pang grupo (kapag nagbabayad sila sa mga produkto at serbisyong natatanggap ninyo mula sa amin) upang mapanatili ang inyong saklaw o i-audit ang aming mga serbisyo at operasyon
- Mga actuary o mananaliksik para makapagsagawa ng mga pag-aaral, ngunit hanggang hindi lang ibinabahagi ang NPI sa mga third party
- Mga regulator ng estado o pederal, mga ahensyang nagpapatupad ng batas, at mga awtoridad ng pamahalaan ayon sa pinahihintulutan o hinihiling ng batas
- Iba pa, kung kinakailangan, upang matuklasan, maiwasan, o maiulat ang pandaraya, mga maling representasyon ng materyales, at iba pang aktibidad na maaaring kriminal o mapang-abuso

**Paano namin pinoprotektahan ang inyong NPI**

Gumagamit kami ng mga pananggalang o proteksyon na sumusunod sa batas ng pederal at estado upang protektahan ang inyong NPI. Kalakip sa mga pananggalang o proteksyon na ginagamit namin ang:

- Mga pananggalang o proteksyon na administratibo – tulad ng mga patakaran at pamamaraan upang limitahan kung kailan maa-access ng isang empleyado ang inyong NPI
- Mga pananggalang o proteksyon na pisikal – tulad ng mga naka-lock na file at pinaghihigpitang pag-access sa mga lugar kung saan nakaimbak ang NPI

- Mga pananggalang o proteksyon na teknikal – tulad ng seguridad sa network ng computer

Available lang ang access sa NPI sa mga taong nangangailangan nito upang makatulong na maserbisyuhan ang aming relasyon sa inyo.

Sa sandaling magtatapos na ang ating ugnayan, patuloy pa rin naming susundin ang mga patakaran sa pagkapribadong inilalarawan sa abisong ito hangga't itinatabi pa namin ang impormasyon tungkol sa inyo. Kung hindi na namin kailangan ang inyong impormasyon, tatanggalin namin ito sa ligtas na paraan.

**Ang inyong mga karapatan sa pag-access at pagbabago ng inyong NPI**

Naaangkop ang seksyong ito at ang seksyong "Pagwawasto" sa ibaba sa NPI na kinokolekta namin upang mabigyan kayo ng saklaw ng insurance. Hindi naaangkop ang mga ito sa NPI na kinokolekta namin na may kaugnayan sa, o inaasahang, isang claim o paglilitis na sibil o kriminal.

Maaari kayong humiling ng access sa partikular na NPI na kinokolekta namin upang makapaglaan sa inyo ng mga produkto at serbisyo ng insurance. Kailangang gawin ninyo ang inyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat at ipadala ito sa address sa ibaba. Kailangang kasama sa inyong sulat ang inyong buong pangalan, address, numero ng telepono, at numero ng policy. Kapag inyong hiniling, magpapadala kami ng mga kopya ng NPI sa inyo. Magpapadala rin kami sa inyo ng impormasyong may kaugnayan sa mga paghahayag ng inyong NPI; kapag hinihiling. Maaari kaming maningil sa inyo ng makatuwirang bayarin upang masaklaw ang aming mga gastusin sa paggawa ng kopya.

Kapag hiniling, magbibigay din kami sa inyo ng pagkakakilanlan ng mga tao kung kanino namin inihayag ang inyong NPI (o kung kanino namin karaniwang inihahayag ang NPI).

**Pagwawasto ng inyong NPI**

Kung naniniwala kayong ang NPI na mayroon kami tungkol sa inyo ay mali, mangyaring sumulat sa amin. Kailangang kasama sa inyong sulat ang inyong buong pangalan, address, numero ng telepono, at numero ng policy. Kailangang ipapaliwanag sa inyong sulat kung bakit kayo naniniwalang hindi wasto ang NPI. Kapag sumasang-ayon kami sa inyo, iwawasto namin ang NPI at ipapaalam sa inyo ang pagwawasto. Kapag hinihiling ninyong gawin namin ito, ipapaalam din namin ito sa sinumang taong maaaring nakatanggap ng hindi wastong NPI mula sa amin sa nakalipas na dalawang taon.

Kapag hindi kami sumasang-ayon sa inyo, sasabihan namin kayo na hindi kami magsasagawa ng pagwawasto at bibigyan kayo ng (mga) dahilan ng aming pagtanggi. Kapag inyong ninanais, maaari kayong magsumite ng pahayag sa amin na tinutukoy ang NPI na pinaniniwalaan ninyong hindi wasto at ang (mga) dahilan kung bakit kayo hindi sumasang-ayon sa aming desisyong hindi iwawasto ang NPI. Ilalagay namin sa file ang inyong pahayag kalakip ang hindi pinagkakasunduang NPI. Isasama namin ang inyong pahayag hanggang kailan namin ihahayag ang hindi pinagkakasunduang NPI. Kapag hinihiling ninyong gawin namin ito, ibibigay din namin ang pahayag sa sinumang tao kung kanino namin inihayag ang hindi pinagkakasunduang NPI sa nakalipas na dalawang taon.

**Mayroon pa ba kayong kailangang gawin?**

Dahil hindi namin ibinabahagi ang inyong NPI maliban sa pagseserbisyo sa inyong kaugnayan sa negosyo sa amin, hindi niyo na kailangang mag- “opt out” o mag- “opt in” gaya ng maaaring ginawa ninyo sa iba pang kumpanyang pinansyal o ng insurance.

---

Naaangkop ang Abiso ng Pagkapribadong ito sa mga kasalukuyan at dating policyholder ng Blue Shield Life. Magpapadala sa inyo ang Blue Shield Life ng kopya ng aming Patakaraan sa Pagkapribado sa panahon na una kayong naging policy holder namin, at isang beses kada taon hangga't nagpapatuloy sa amin ang inyong saklaw. Kung mayroon kayong saklaw ng insurance ng grupo, ipapadala namin ang Abisong ito sa may-ari ng policy ng grupo na siyang magbibigay dapat nito sa inyo. Maaari ninyong kailangang suriin at i-print ang kasalukuyang Abiso sa Pagkapribado sa aming website **blueshieldca.com**.

Kung kailangan ninyong makipag-ugnayan sa amin patungkol sa Abiso ng Pagkapribadong ito, mangyaring tawagan kami nang toll free sa **(888) 266-8080**, mag-email sa amin sa privacy@blueshieldca.com, o sumulat sa amin sa Blue Shield Life Privacy Office, P.O. Box 272540, Chico, CA 95927-2540.

An independent licensee of the Blue Shield Association A39514-GL-TA_0923 00103322